Nakita sa pag-aaral ang apat na pangunahing tema ng kwentong hustle culture: (1) Pagpupunyagi; (2) Marangyang Buhay; (3) Magandang Disposisyon at; (4) Pagsubok sa Buhay. Natuklasan na ang kompensasyon/sahod, pamilya, oras para sa sarili, at kaunlaran sa aspetong materyal (tahanan) ay mga pangunahing salik na nagtulak sa mga VA para isapraktika ang hustle culture. Mula rito, nahugot ang apat na kabuuang representasyon ng hustle culture: *bumubuhay sa mga Pilipinong VA sa aspetong trabaho at kompensasyon*; *nagpapahalaga sa pamilyang Pilipino*; *nagsasakatuparan ng kaunlaran sa materyal na posesyon; at humuhubog sa work-life balance ng mga Pilipinong VA*. Sa kabuuan, ang hustle culture sa konteksto ng mga Pilipinong VA ay isang paraan ng pag-i-engganyo (empowerment) at kaligtasan (survival) sa buhay. Bagama't, nakita sa estado ng mga VA na nagkukulang pa rin sa tamang pagsulong ng mga programa at batas para sa kanila—isang implikasyon na kasalukuyan pa ring nagiging usapin sa seguridad sa trabaho ng mga VA, sa kabila ng mga positibong nakamit buhat ng kanilang pagdodoble-kayod.

***Abstract (Translation)***

One of the ways to combat poverty is by being hardworking. It is manifested in the way some workers dedicate more hours to their jobs—this practice is called hustle culture, a way of working that doesn't adhere to standard hours (Ulfah & Nurdin 2022). Many people engage in this practice, especially in the realm of modern forms of work like online freelancing, specifically, virtual assistance. Consequently, this study aims to examine the narratives of Filipino virtual assistants (VAs) within the context of hustle culture. In relation, a case study design was applied. Technically, content analysis was used to examine the video content and narrative analysis was applied to understand the collective narrative, and thematic analysis was used to highlight the representation of hustle culture in the context of Filipino virtual assistants. The primary framework of the study is the participatory culture in cultural studies, which justified Filipino VAs as cultural consumers with the ability to create cultural narratives.

The study revealed four main themes in hustle culture stories: (1) Perseverance; (2) Luxurious Life; (3) Positive Disposition; and (4) Life Challenges. It was found that compensation or salary, family, personal time, and material progress (home) are the main factors that drive VAs to practice hustle culture. From this, four overall representations of hustle culture were identified: sustaining Filipino VAs in terms of work and compensation; valuing Filipino families; achieving material progress; and shaping the work-life balance of Filipino VAs. Overall, hustle culture in the context of Filipino VAs is seen as a means of empowerment and survival. However, it was observed that VAs still lack proper advancement programs and laws for their benefit—an implication that job security for VAs remains a current issue, despite the positive outcomes resulting from their hard work.

*Keywords* – hustle culture, online freelancing, Filipino orientation, TikTok, virtual assistant

---

## INTRODUCTION

Isa sa mga paraan ng pakikipagtunggali sa kahirapan ang pagiging masipag. Manipestasyon dito ang pagbibigay ng ilang manggagawa ng higit na oras sa paghahanapbuhay. Bahagi na ito sa kultura ng pagsisikap ng mga Pilipino— ang magtrabaho nang lampas sa oras. Tinatawag ang gawaing ito na hustle culture. Sa pananaw nina Ulfah and Nurdin (2022), ang hustle culture ay tinitingnan bilang paraan ng pagtatrabaho na hindi umaayon sa pamantayang oras at ang mga nagsasagawa (o mga hustler) nito ay kusang-loob na gumugugol ng mas maraming oras para magtrabaho. Nangangahulugan na nagiging isang kultura ang hustle culture sa trabaho na nagpapakita ng pagiging agresibo sa paraan ng pagtatrabaho— sa madaling salita ay tumutukoy ito sa pagdodoble-kayod. Sinabi rin na ang hustle culture— sa kasalakuyang konstekto— ay itinuturing na normal at niluluwalhati bilang panghihikayat sa mga manggagawa na magsikap para sa tagumpay (Lutfiputri, 2022). Ang pagdodoble-kayod ay kabilang sa paraan ng pamumuhay ng mga manggagawa, bahagi na ito sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Bawat manggagawa ay may sariling pamamaraan para magtrabaho at may iilan na pinipiling magdoble-kayod o magtrabaho nang lampas sa oras, na minsan ay nakokompromiso na ang kanilang kalusugan, oras sa sarili at pamilya, at iba pang aspeto sa kanilang buhay. Paliwanag naman ni Munro (2022) na nagiging bahagi na ito sa buhay ng mga manggagawa na itinuturing na nakakalasong gawi ng pagiging produktibo.

Samakatuwid, may dulot itong positibo at negatibong implikasyon sa mga manggagawa. Pinatunayan ito sa sinabi nina Yuningsih et al. (2023) na ang hustle culture ay nagdudulot ng positibong epekto sa aspeto ng pagtatrabaho sapagka't binibigyan nito ng malalim na motibasyon ang mga mangaggawa para sa pansariling mga layunin. Ang pagiging matagumpay sa buhay, pagiging produktibo, at pagtanggap ng gantimpalang salapi ay ilan lamang sa mga nakikitang pinaghuhugutang layunin ng mga manggagawa. Gayunpaman, kasalungat ang katwiran ni Casali (2022) tungkol sa epekto ng hustle culture, dahil ito'y nagiging sanhi ng toxic productivity o nagdudulot ng negatibong implikasyon sa mga hustler.

Sa konteksto ng negatibong implikasyon ng hustle culture, ang pagiging sobrang produktibo ay hindi nakabubuti sa kalagayan ng mga hustler dahil nakokompromiso nito ang ibang aspeto sa buhay nila, tulad na lamang ng kalusugan, relasyon sa ibang tao, at ang oras sa sarili. Bagaman batid ng ilang mga hustler ang negatibong epekto ng pagdodoble-kayod, patuloy pa rin nila itong isinasagawa. May iilan na pumapasok sa kahit anong trabaho para lang may mapagkukunan ng pangsustento sa mga pangangailangan— halimbawa na lamang ay ang freelancing o ang mga trabahong walang pangmatagalan na garantiya sa posisyon at sweldo. Mula rito, ipinaliwanag nina Woodcock & Graham (2020) na ang mga trabahong ito ay nakapaloob sa gig economy o ang labor market ng mga freelancer. Nakapaloob sa gig economy ang produksyon, distribusyon, at pagkonsumo mula sa mga panandaliang trabaho o serbisyo na kadalasan ay nagagampanan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng freelancing. Pinalawak nina

Mia & Habaradas (2020) ang kahulugan ng terminong gig economy bilang ekonomiya ng mga independent contractual na umaasa sa mga panandaliang trabaho. Halimbawa ng mga panandaliang trabaho na ito ay ang online freelancing na mayroon ding partikular na trabaho ayon sa iba't ibang industriya.

Sa kabilang banda, sa kontemporaryong panahon kasabay sa pag-usbong ng teknolohiya, naging bahagi ang kahalagahan ng internet sa trabaho ng iilang manggagawa sapagkat marami ng kompanya ang nagsakatuparan ng mga online jobs para sa mga manggagawa na nais magtrabaho o lumipat ng trabaho. Pangunahing rason nito ay ang pagtatrabaho sa work- from-home set-up. Ayon nina Yuningsih & Prasetya (2022), nagkaroon ng panibagong katwiran at lumawak ang pagkakataon para sa mga manggagawa upang maging hustler dahil sa panibagong dala ng teknolohiya, kaya't bunga nito ang pagsiklab ng hustle culture. Dahil dito, maraming manggagawa ang naitambad sa mga oportunidad na hatid ng online jobs— gaya na lamang ng online freelancing na isang kontraktwal na trabaho sa kalagayan ng work-from-home set-up. Binigyang kahulugan nina Woodcock & Graham (2020) ang online freelancing bilang isang anyo ng trabaho na pwedeng gampanan ng mga manggagawa ayon sa kanilang sariling oras at espasyo. Nangangahulugan na hindi kailangang pumunta sa opisina para magtrabaho dahil nagagampanan naman ito sa pamamagitan ng internet. Maikokonsidera na isang anyo ng online job ang online freelancing sapagkat pangunahing plataporma at paraan ng pagtatrabaho ng mga online freelancer ay ang internet. Sapagkat kontraktwal at pansamantala lamang ang posisyon sa online freelancing, may mga pagkakataon na naghahanap ang mga online freelancer ng iba pang kliyente at nag-aaplay sa iba pang trabaho.

Ganitong representasyon mailalarawan ang kultura ng pagdodoble-kayod o ang hustle culture. Sinusuportahan ang argumentong ito sa pahayag nina Sutherland et al. (2019) na kailangang umangkop ang mga online freelancers sa kompetitibong kalakaran batay sa kanilang kakayahan, kasanayan, at diskarte sa pagtatrabaho. Kalakip dito ang paggamit ng mga plataporma sa internet upang ibahagi ang kanilang serbisyo at danas. Halimbawa na mga trabaho sa online freelancing ay ang pagiging copywriter, graphic designer, virtual assistant, atbp. Ang trabahong virtual assistance ay isa sa mga pangunahing trabaho sa online freelancing. Kabilang sa mga gampanin ng virtual assistant ay ang pagbibigay ng administratibong tulong sa mga kliyente na namamahala ng negosyo. Halimbawa sa kanilang responsibilidad ay ang pagsagot sa mga email at tawag mula sa mga costumer; pag-iskedyul ng mga appointment; pagsagawa ng pananaliksik tungkol sa negosyo at; iba pang administratibong gawain (Indeed, 2023). Mula sa deskripsiyon ng trabaho, masasabi na ang tungkulin ng mga virtual assistant ay ang pagiging kaagapay sa mga kliyente na may kani-kanilang negosyo— nangangahulugan na kahit sa anong industriya ang posibleng pasukan ng mga virtual assistant. Sa konteksto sa Pilipinas, nabanggit sa isang blog article ni Calanas (2023) na inilathala sa isang outsourcing company, labintatlong porsyento ng mga virtual assistant sa mundo ay nangagaling sa bansang Pilipinas. Ibig sabihin, isa ang Pilipinas sa mga bansang nangunguna na may maraming virtual assistant. Samakatuwid, isa itong

palatandaan na may katumbas na porsyento ng mga manggagawa ang naglipat-trabaho o nagtatrabaho bilang virtual assistant.

Kasabay sa pag-unlad ng mga online freelancing jobs, tulad ng virtual assistant, ay ang pag-usbong ng mga panibagong plataporma sa social media tulad ng TikTok na ginagamit ng karamihan bilang lunsaran sa kanilang mga hinaing at saloobin— kasama na rito ang mga manggagawa. Ayon kay D'souza (2023), ang TikTok ay isang sikat na social media application na nagbibigay-daan sa mga gumagamit na gumawa, manood, at magbahagi ng mga bidyu na may mataas na antas ng pakikipag-ugnayan sa mga taga-panood. Angkop sa mga virtual assistant ang platapormang ito upang ibahagi ang kanilang personal na danas at motibasyon sa trabaho, kaya pangunahing ginagamit nila ang TikTok bilang plataporma sa paglalahad ng kanilang serbisyo; personal na danas sa trabaho at; ang kanilang motibasyon sa trabaho na kanilang pinapasukan. Malinaw na idiniin nina Chairunnisah at Kurnia (2023) na binubuo ng hustle culture ang isang ideyal na karakteresasyon ng mga manggagawa bilang produktibo, inspirasyonal, at moderno na maaaring ang kanilang danas na ibinahagi sa social media ay katumbas sa kanilang totoong danas sa reyalidad.

Malinaw sa inilatag na mga kaalaman sa paksa ng pag-aaral na mayroong implikasyon ang hustle culture sa danas at motibasyon ng mga online freelancer partikular na sa mga virtual assistant. Mula rito, naging dahilan ito sa pagnanais ng mga mananaliksik na tuklasin at suriin ang danas ng mga piling Pilipinong virtual assistant— na hinuhubog ng hustle culture. Bagaman, nagkaroon na ng mga nakaraang pag-aaral tungkol sa mga paksang hustle culture at online freelancing— katulad ng pag-aaral nina Balkeran (2020); Felipe et al. (2019); (2023); Lutfiputri (2022); Maharani et al. (2024); Ulfah & Nurdin (2022); Yuningsih et al. (2023) atbp.— subalit hindi nagkaroon ng makabuluhang bahagi na tuklasin ang mismong hustle culture sa industriya ng online freelancing at ang naratibo ng mga Pilipinong virtual assistant sa konteksto ng hustle culture sa Pilipinas. Ipinakita lamang ng nabanggit na mga pag-aaral ang limitadong saklaw tulad sa konteksto nito sa ibang bansa, kwantitatibong metodo, at ang saklaw nito sa ibang industriya sa trabaho. Mula sa nabatid na puwang, dito pinosisyon ng mga mananaliksik ang buong pag-aaral na ito. Naging batayan sa buong pag-aaral ang mga piling TikTok bidyu ng mga piling Pilipinong virtual assistant na tumatalakay sa kanilang kwentong-danas at motibasyon sa konteksto ng hustle culture. Hinugot mula sa kanilang kwento ang kolektibong naratibo ng mga Pilipinong virtual assistant at dinalumat ang implikasyon ng hustle culture sa kanilang buhay bilang manggagawa. Mula sa mga nabuong diskusyon, inilatag sa pananaliksik na ito ang paghubog ng kanilang naratibo sa representasyon ng hustle culture.

## LITERATURE REVIEW

Isa sa nagbigay ng katwiran sa pagkabuo sa konsepto at imahe ng hustle culture ay ang danas ng mga hustler. Dulot ng naging karanasan ng mga hustler ang pagkakaroon ng iba't ibang mga pagpapakahulugan na nagbigay-hugis sa konsepto ng hustle culture.

Inilarawan nina Yuningsih et al. (2023) ang konsepto ng hustle culture bilang labis na pamamaraan ng pagtatrabaho na pangunahing nagbigay ng positibong epekto sa sikolohikal na pagkabalisa ng mga manggagawa. Sinabi ng pag-aaral na ang pagkabuo ng hustle culture sa Indonesia ay dulot ng lumaganap na impluwensiya ng globalisasyon para sa layuning mapabuti ang ekonomiya at mapataas ang kinabibilangang social class (Yuningsih et al., 2023). Ipinaliwanag din nina Maharani et al. (2024) na ang hustle culture ay hindi lamang ganap na nangyari sa mga manggagawa kundi ay maging sa mga mag-aaral din. Binanggit na ang pagdodoble-kayod ng mga mag-aaral ay dulot ng kawalang-kasiyahan sa sistema ng edukasyon, kung saan ang kaalamang nakuha sa pag-aaral ay hindi sapat at hindi lahat nakatugon sa kanilang pamantayan para sa hinaharap na pagsusumikap— partikular na sa mundo ng trabaho (Maharani et al. (2024).

Alinsabay, inilahad ng mga nagdaang pag-aaral ang malaking gampanin ng kapitalista sa pag-usbong ng hustle culture sa espasyo ng trabaho na kalauna'y naging konsepto na sinusunod sa pagtatrabaho. Binigyang linaw nina Yin at Xuan (2023) ang hustle culture bilang isang negatibong praktis ng pagtatrabaho na naglulunsad ng mga isyu sa pagbabalanse ng trabaho, labis na pagkahapo, at sobrang mapagkumpitensyang kultura sa loob ng trabaho. Itinampok sa pag-aaral ang ilang mga paniniwalang nagsilbing salik sa pagpapatatag ng hustle culture gaya ng paniniwala sa meritocratic system (ang mga manggagawa ay ginagantimpalaan lamang batay sa kanilang mga kakayahan, sakripisyo, at mga nagawa), Kiasu culture (ang takot na mawalan na sumasaklaw din sa kasakiman at pagkamakasarili), at survival ideologies ng mga Singaporean (Yin & Xuan, 2023). Ang konsepto at praktis ng hustle culture ay umiiral din sa mas malawak na espasyo at kontekstwalisasyon na hindi lamang nakalimita sa pisikal na trabaho kundi maging sa onlayn na mga paradaym. Hindi rin maikakaila na malaki ang naging hawak na gampanin ng sosyal midya sa paglalarawan at paghubog ng persepyon ng mga indibidwal sa umuusbong na hustle culture.

Idiniin nina Chairunnisah at Kurnia (2023) na ang mga hustle culture trends sa social media ay lumilikha ng isang ideyal na representasyon ng tagumpay sa kontemporaryong kabataang Indonesian. Binanggit din sa pag-aaral nina Jones at Muldoon (2022) na ang ideya ng pagiging okupado sa trabaho ay impluwensiyang nagmula sa hustle culture na pinasikat at niluluwalhati ng mga kilalang tao sa sosyal midya. Bagaman, sinasabing ang hustle culture ay humantong sa pagtaas ng motibasyon, binigyang katwiran ni Lutfiputri (2022) na ang hustle culture ay naging daan sa pagpapatatag ng kultural na hegemonya— na pagmamay-ari ng mga kapitalista. Idiniin din nina Ulfah at Nurdin (2022) ang hustle culture bilang isang bagong representasyon ng pang-aalipin. Mahigit na binigyang diin nina Ulfah, R., & Nurdin, N. (2022) ang konsepto ng hustle culture bilang may kaugnayan sa "false consciousness"—ang pagtanggi sa kalikasan ng mga relasyon sa uri, kung saan nabubulag ang mga manggagawa mula sa tunggalian ng uri sa lipunan, sapagkat nakasanayan at tinanggap bilang parte ng pagtatrabaho ang hustle culture.

Mahalaga ang mga nabanggit na pag-aaral sa pagbigay-linaw ng konseptong hustle culture bilang hindi lamang isang penomena kundi bilang uri rin ng trabaho at araling

kultural. Magkaugnay ang mga paksang inihain ng mga kaalaman sa nagdaang pag-aaral, gayunpaman, may mga puwang na dinagdagan ng pag-aaral sa kasalukuyan. Isa na rito ang pagsagawa ng pampanitikang pag-aaral sa pamamagitan ng pagdalumat sa mga naratibo ng mga online freelancers partikular ang mga Pilipinong virtual assistant gamit ang mga bidyung mula sa TikTok—na hindi isinagawa ng nagdaang pag-aaral. Gayundin, ang kontekstwalisasyon ng mga nagdaang pag-aaral ay lahat nasa labas ng bansang Pilipinas, sa kasalukuyang pag-aaral dinalumat ang mga naratibong hustle culture at tiningnan ang estado ng trabaho ng mga online freelancer at ng gig economy sa konteksto mismo ng Pilipinas. Mula sa mga nabanggit na agwat, ipinosisyon ng mga mananaliksik ang kasalukuyang pag-aaral.

## METHODOLOGY

### *Disenyo ng Pag-Aaral*

Kwalitatibong disenyo ang ginamit sa pananaliksik partikular na ang case study. Ayon nga kay Bhandari (2020), isinasagawa ang isang kwalitatibong pananaliksik kasama ang pangangalap at pagsusuri ng mga hindi numerikong datos gaya ng mga bidyu at teksto upang maunawaan ang konsepto, opinyon, at danas ng mga tao. Inunawa at sinuri sa pag-aaral ang mga salita, kaisipan, konsepto, at tematikong aspeto mula sa kolektibong naratibo na nalikom. Buhat nito, case study ang ginamit na disenyo sa pag-aaral. Sa pag-aaral, apat na TikTok accounts ng virtual assistant (@brayarnnn, @jairoagullana, @jellysardan13, at @vahoneyyyy) ang kinunan ng tig-tatlong bidyu sa TikTok. Sa kabuuan, may labindalawang mga bidyu mula sa apat na virtual assistants sa Tiktok ang ginamit at sinuri sa pag-aaral.

### *Pangangalap at Pagpili ng Datos*

Sa unang proseso ng pangangalap ng datos, naghanap ang mga mananaliksik ng sampung Pilipinong virtual assistant na nakatira at nagtatrabaho sa Pilipinas; at aktibong gumagamit ng plataporm ang TikTok— na mayroong mahigit o hindi bababa sa 10,000 na mga followers. Gayundin, ilan sa mga keyword na ginamit ng mga mananaliksik sa paghahanap sa TikTok search bar engine ay ang mga sumusunod: virtual assistant Philippines, direct client virtual assistant, VA direct client, at VA freelancing. Upang masigurado na virtual assistance at nasa anyong online freelancing ang trabahong ginampanan ng mga napiling virtual assistant, tinukoy ito mula sa kanilang TikTok account bio; at mga bidyu na nagsasaad na sila ay mga virtual assistant at nagtatrabaho sa pamamagitan ng work-from-home setup o remote work. Ang nakalap na mga virtual assistant sa TikTok ay inilista at inilagay sa database gamit ang aplikasyon na Google Sheets. Mula sa listahan, iniranggo ito at isinala batay sa krayterya— tanging mga virtual assistant na nagtatrabaho o nakapagtrabaho sa direct client ang binigyang pansin ng mga mananaliksik. Mula rito, ang apat na nangungunang online freelancer na virtual assistant ang naging pangunahing pinagkunan ng mga bidyu. Matapos ang pagkakategorya at pagraranggo, isinala ang mga virtual assistant batay sa may pinakamataas na followers, at

ang apat na mga nangungunang virtual assistant ang pinili bilang pinagkunan ng mga datos o bidyu. Isinaalang-alang sa pangangalap ng datos ang nilalaman ng mga bidyu, partikular na ang mga kwentong nakitaan ng kanilang kwentong-danas bilang mga virtual assistant.

Gayundin, ang pagpili ng mga datos o mga bidyu ay pangunahing nakabatay sa krayteryang itinakda ng mga mananaliksik: (1) naglalarawan sa anumang danas at repleksyon mula sa trabaho; (2) may higit na 1000 views; (3) nararapat na nabanggit ang terminong "virtual assistant o VA" sa in-text copy, caption, o voice-over sa bidyu (4) nasa anyong voice-over videos, POV videos, day-in-a-life videos, text-on-clips videos, slideshow videos, at skit videos; (5) may tagal na limang segundo hanggang tatlong minuto at; (6) mga bidyung naipaskil simula taong 2021 hanggang 2023— sa kasong ito, gumamit ang mga mananaliksik ng website na https://bellingcat.github.io— isang TikTok date extractor o nakakapagbigay ng wastong petsa at oras kung kailan ipinaskil ang mga bidyu sa TikTok— upang matukoy ang wastong taon ng pagpaskil. Para makuha ang mga pangunahing datos, nagsagawa ulit ng proseso ang mga mananaliksik para sa pagkalap ng mga bidyu. Una, hinalungkat ng mga mananaliksik ang TikTok account ng apat na napiling virtual assistant, nagsimulang maghanap ng mga bidyu ang mga mananaliksik na hinggil sa kwentong-danas nila bilang virtual assistant. Nagsimulang maglista ang mga mananaliksik ng limang mga bidyu kada virtual assistant na kakikitaan ng kwentong-danas.

### *Pag-Aanalisa at Pagbibigay Interpretasyon sa mga Datos*

Pagkatapos nito, iniisa-isang pinanood muli ng mga mananaliksik ang mga bidyung nagpapakita ng kanilang kwentong-danas bilang virtual assistant; inilapat sa kada limang mga bidyu ang krayterya at saka isinala. Itinala ang mga napiling bidyu batay sa ibinahaging krayterya at inilista ito gamit ang parehong Google Sheets database na nabanggit sa unang bahagi. Buhat nito, bawat virtual assistant ay kinunan ng tig-tatlong bidyu. Samakatuwid, labindalawang bidyu ang kinalap ng mga pananaliksik para sa pag-aaral. Nabigyang katwiran ni Schoch (2020) na ang pagpili ng mga sampol at mga kaso na gagamitin ay nararapat na direktang maayos at malinaw, dahil sa kahusayan ng indibidwal o organisasyon o dahil sa mga espesyal na kasunduan o access sa kaso. Mula rito, sapat lamang na apat na mga virtual assistants ang pinagkunan ng datos at labindalawang bidyu sa TikTok ang sinuri upang lubos na matutukan ng pansin ang kwentong-danas at pagbuo ng mga kaisipan tungkol sa hustle culture na mula mismo sa kanilang mga naratibo. Bukod dito, isinagawa din ng mga mananaliksik ang semi-structured na pakikinayam sa ibang tatlong piling virtual assistant (unang impormante, pangalawang impormante, at pangatlong impormante) na labas sa TikTok o hindi gumagamit ng TikTok, para sa pagpapalawak at pagpapatibay ng diskusyon sa analisis. Hindi parehong mga virtual assistant mula sa TikTok ang naging kalahok sa panayam. Unang hakbang ng mga mananaliksik ay ang paghanap ng ibang tatlong virtual assistant sa pamamagitan ng pagpaskil ng publicity material sa Facebook. Ang mga nagboluntaryo na mga virtual assistant ay pinadalhan ng mensahe gamit ang aplikasyon na Messenger, na kung saan nakalakip dito ang liham paanyaya, OIC, at link sa aplikasyon gamit ang Calendly na isang

meeting scheduler. Ang pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga impormante ay isinakatuparan sa pamamaraang birtwal na interbyu, gamit ang plataportmang Google Meet. Higit na isinaalang-alang sa bahaging ito ang online interview consent— ang paghingi ng mga mananaliksik sa mga key informant interviewee ng pahintulot. Sa kaso ng interbyu, bumase ang mga mananaliksik sa mga ideya ng Workaholism Analysis Questionnaire nina (Aziz et al., 2013), sa pagbuo ng mga katanungan at nagsilbing patnubay sa oras ng pakikipagpanayam. Ang pagrekord sa sesyon ng panayam ay isinagawa. Gayundin, nagkaroon ng transkripsyon o pagsulat ng mga nakalap na impormasyon mula sa interbyu matapos mapakinggan nang ilang beses ang mga bidyu at matapos makapanayam ang mga impormante. Sa pagtatala, walang pagbabago na isinagawa ang mga mananaliksik sa mga salaysay ng bidyu at sa mga kwentong ibinahagi ng mga impormante.

Upang matugunan ang mga tanong na naitala sa unang tsapter, inilahad sa bahaging ito ang paraan sa pag-aanalisa ng mga naibahaging kwento. Nilinaw ni Storey (2015) na sa cultural studies, kinokonsiderang teksto ng kultura ang mga dokumento, audio o biswal na mga rekords, komiks, musika, atbp. Sapagkat pundasyon nitong pag-aaral ang mga kaisipan mula sa cultural studies, ang bidyu mula sa TikTok ang nagsilbing teksto. Mula rito, binigyang-linaw muna sa pag-aaral ang anyo ng bidyu sa TikTok. Sa pamamagitan ng content analysis, pinanood nang maraming beses ang mga nakalap na bidyu sa TikTok.

Sinuri ang mga ito mula sa kanilang caption, nilalaman ng bidyu o slideshow, mga teksto sa bidyu, at sinuri ito batay sa mga elemento ng mga bidyu tulad na lamang ng mga karakter, karakterisasyon, espasyo at oras. Ayon nga nina Hsieh & Shannon (2005) angkop ang paraan na ito para sa subhektibong interpretasyon ng nilalaman ng mga datos ng teksto sa pamamagitan ng sistemang pang klasipikasyon. Buhat nito, sa kaso ng pag-aaral, sinuri at kinoda ang nilalaman ng mga bidyu upang matukoy makategorya, at mapag-aralan ang mga partikular na mensahe o paksa sa bawat nilalaman ng bidyu. Dagdag pa na paraan, ginamit din ang narrative analysis o ang pagsusuri ng mga kwento. Ayon nina Earthy & Cronin (2008) ang mga kwento na isinasalaysay ng mga tao tungkol sa kanilang buhay ay bumubuo ng pangunahing bahagi sa lipunan. Ginawa ito upang maging mas makabuluhan at magsilbing suporta sa isinagawang analisis ng mga bidyu. Upang lubos na matalakay at mabigyang-katwiran ang nabuong naratibo ng mga virtual assistant, ginamit din sa pag-aaral ang thematic analysis para buhayin at ipabatid ang mga pangunahing tema na lumutang mula sa mga nakalap na bidyu at mula sa panayam. Naging sandalan ang paraan na ito sa pagsuri ng mga nakapaloob na patterns. Sa gayon, ang mga metodong nabanggit ay mahalaga, kaya't ginamit 45 ito ng maayos upang makabuo ng wastong interpretasyon—mula sa kwentongdanas, pagbuo ng naratibo, pagpalutang sa representasyon ng hustle culture, hanggang sa pagtasa sa kasalukuyang estado ng trabaho at gig economy ng bansa.

## RESULTS

Mula sa mga kinolektang salaysay ng Pilipinong VA, napalutang ng pag-aaral ang apat na pangunahing tema ng kwentong hustle culture na nagsalaysay mismo ng kanilang danas at paraan ng padodoble-kayod partikular sa trabahong virtual assistance. Nahalaw mula sa salaysay ng mga Pilipinong VA ang mga pangunahing kwento, gaya ng (1) pagpupunyagi, (2) marangyang buhay, (3) magandang disposisyon, at (4) pagsubok sa buhay. Bawat kwentong nabangggit ay nagsasalaysay ng kanilang mga danas sa pagsasapraktika ng hustle culture bilang paraan ng kanilang pagtatrabaho. Sa pag-aaral, nakita na malaking bahagi ang pagpupunyagi ng mga Pilipinong VA at sa katunaya'y angkop ang kwentong ito sa lahat ng mga Pilipinong VA na inimbestigahan at pinag-aralan. Ang mga danas na ito ay pangunahing hinggil sa (1) pagiging estudyante at virtual assistant (2) ang routine ng pagiging virtual assistant (3) pagtatrabaho sa panibagong time zone o oras trabaho, at (4) pagpupursige sa paghahanap ng trabaho. Nahinuha naman ang tatlong konsepto ng marangyang buhay na nakamit ng mga Pilipinong VA sa pagdodoble-kayod nila sa kanilang tarabaho—ang (1) material wealth, (2) kaunlaran sa lugar pagtatrabahuan (workstation), at (3) financial wealth. Alinsabay, nakita mula sa unang layunin ng pag-aaral na ang pagdodoble-kayod ng mga Pilipinong VA sa trabahong virtual assistance ay kakikitaan ng positibong epekto hinggil sa aspetong esteem o pagkakaroon ng magandang disposisyon ng mga VA na sumasaklaw sa (1)pagpapahalaga sa sariling abilidad at pamilya, (2) pagpapahalaga sa oras ng pahinga, (3) pag-abot sa mataas na pangarap, at (4) pagpapahalaga sa relasyon sa sarili at kapwa.

Gayunpaman, lumabas din sa pag-aaral na ang pagsubok at pagsasakripisyo ay laganap sa buhay-trabaho ng mga Pilipinong VA. Pangunahing nakita na mga pagsubok ay (1) pagsubok mismo sa pamilya, (2) miskonsepsyon sa pagiging virtual assistant, at (3) pagsubok sa pag-aaply ng trabaho. Mula sa mga tema ng kwentong nabanggit, nakita na ang pagdodoble-kayod ng mga Pilipinong VA sa kanilang trabaho ay kadalasang isinasakatuparan sa pamamagitan ng pagkakaroon iba pang trabaho, pagiging working student, pagkakaroon nang sabay-sabay na mga gawain, pagkakaroon ng higit pa sa isang kliyente, at pag-iibayo sa oras ng pagtatrabaho. Sa pangalawang layunin ng pag-aaral, inilahad ang kolektibong naratibo na nagsasalaysay sa mga pangunahing salik at motibasyon ng mga Pilipinong VA para tahakin ang mundo ng hustle culture. Nakita rito ang limang pangunahing salik, ang (1) pagkakaroon ng mataas na sahod at pinansyal na estabilidad, (2) kakayahan sa pagtugon sa pangangailangan sa pamilya, (3) paglalaan ng oras sa sarili bilang self-care at self-love, (4) pagbuo sa pinapangarap na tahanan, at (5) pag-iibayo ng trabaho dulot ng walang kasiyahan sa naunang trabaho sa korporasyon. Nakita na malaking bahagi ang pagdodoble-kayod ng mga Pilipinong VA sa kalagayan ng pamumuhay ng bawat VA at sa gayo'y nahinuha na ang pagsasapraktika nila ay dulot ng mga nakatakdang ambisyon (personal na kagustuhan) at mithiin (kolektibong tunguhin/pangarap kagaya ng sa pamilya bilang malaking bahagi sa pagpupunyagi sa trabaho) na mahalaga para maisakatuparan nang mas mahusay ang buhay-trabaho nila. Mula sa kolektibong naratibo na mga nabanggit, napalutang ng pag-aaral ang limang

pangunahing representasyon ng hustle culture sa konteksto ng mga Pilipinong VA sa bansa, gamit na rin ang salaysay ng mga VA na kinapanayam sa labas ng Tiktok.

Ang nakitang representasyon ng hustle culture ay ang mga sumusunod: (1) bumubuhay sa mga VA sa aspetong trabaho at kompensasyon, (2) nagbibigay halaga sa pamilyang Pilipino ng mga VA, (3) nagsasakatuparan ng kaunlaran sa buhay, at (4) humuhubog sa work-life balance ng mga VA. Mula sa napalutang na representasyon ng hustle culture, nabigyang hinuha na mas lumitaw ang positibong representasyon ng hustle culture, at sa gayo'y mas nagkaroon ito ng positibong implikasyon sa konteksto ng Pilipinong VA sa bansa. Bagaman, nakita mula sa pag-aaral na ang estado ng mga Pilipinong VA sa bansa ay naiiba mula sa implikasyon at representasyon na nailahad. Lumabas na sa kasalukuyang panahon, patuloy pa ring nahaharap ang mga Pilipinong VA sa anumang mga pagkakait gaya na lamang ng kawalang sapat na proteksyon para sa kanila, kawalan ng benepisyong matatanggap mula sa gobyerno, at kawalang alam sa mga batas at programang parasa mga VA na nagbibigay implikasyon lamang na hindi tuluyang ganap na naisulong ang pagpatupad ng mga programa at batas na sana ay para sa mga VA at sa iba pang manggagawang online freelancer. Ipinahiwatig lamang na hindi pa rin tuluyang nakuha ng mga Pilipinong virtual assistant ang sapat at matibay na seguridad sa kanilang trabaho. Mula sa salaysay ng mga VA, nahinuha lamang na higit sa pangangailangang inaasam nila ay ang pagkakaroon ng benepisyo at suporta mula sa gobyerno.

Nakita na sa pagdodoble-kayod, palaging katambal nito ang kaugaliang mapagpunyagi ng mga Pilipinong virtual assistant na binigyang kahulugan ni Lagmay (1997) sa Pe-Pua at Marcelino (2000) ang pagpupunyagi mula sa oryentasyong Pilipino bilang katumbas sa konsepto ng Bahala na. Ang pagdodoble-kayod ng bawat VA ay kakikitaan lahat mismo ng kanilang danas ng pagsisikap at determinasyon na isinagawa sa pagkakaroon ng higit sa isang trabaho, pagsasakatuparan sa sandosenang mga gawain sa trabaho, pagkakaroon ng higit sa isa o dalawa pang kliyente, pagiging working student, at pag-iibayo sa oras ng trabaho. Nahinuna mula sa pag-aaral na ang trabahong virtual assistance ay hindi lamang naging side hustle o part-time na trabaho ng mga VA bagkus ay naging pangunahing hanap-buhay nila ito. Sa gayon, ang pagdodoble-kayod ng mga VA sa kanilang trabaho ay nagiging pangunahing paraan ng pagsakatuparan nila sa buhay-trabaho.

Pangunahing nakahugot ito mula sa aspetong pinansyal, pamilya, pangangailangan, at sariling kagustuhan. Nakita na ang pagsasapraktika ng hustle culture ay nagreresulta sa dalawang satispaksyon—ang obhektibo (kita) at subhektibo (satispaksyon sa sarili at pagpapahalaga). Nahinuha na malaking bahagi ang kita, pamilya, at pagpapahalaga sa sarili't oras sa pagdodoble-kayod ng mga VA. Nagbibigay pakiramdam ng seguridad at satispaksyon ang hustle culture sa mga Pilipinong VA, partikular sa aspetong pinansyal. Dahil dito, ang mga Pilipinong virtual assistant ay hindi gaanong nakaranas ng anumang anyo ng kawalan, partikular sa aspeto ng pagsuporta sa pamilya, edukasyon, at pangunahing pangangailangan sa buhay gaya ng pagkain, kundi mas naisasabuhay pa ang

mga tunguhing ito dulot ng pagdodoble-kayod ng mga virtual assistant sa kanilang trabaho. Ipinagpalagay lamang na mas mababa ang naranasan nilang abala sa buhay kapag sila'y mas nagdodoble-kayod pa. Sa pangkalahatan, ang pagdodoble-kayod ay kakitaan mismo ng positibong implikasyon sa satispaksyon at pagsakatuparan ng buhay-trabaho ng mga Pilipinong virtual assistant.

## DISCUSSION

Pangunahing palagay ng pag-aaral ang pag-usbong ng hustle culture sa Pilipinas bilang isang pamamaraan ng pagtatrabaho na nagdudulot ng implikasyon sa motibasyon ng mga manggagawang Pilipino. Napatunayan ang inilahad na palagay gamit ang kinolektang mga salaysay ng Pilipinong virtual assistant, partikular mula sa kanilang mga Tiktok bidyu at panayam na isinagawa ng mga mananaliksik. Sa gayon, ang palagay na inihain ng kasalukuyang pag-aaral ay napatunayan mismo mula sa konteksto ng mga Pilipinong virtual assistant. Sa pagsasabuhay ng inihaing palagay, pangunahing ginamit ng pag-aaral ang disenyong case study para masinsinang maimbestigahan ang sitwasyon at estado ng mga virtual assistant sa konteksto ng hustle culture sa bansa. Pangunahing batis ng pag-aaral ang kinolektang salaysay mula sa bidyu ng apat na virtual assistant—na bawat isa ay kinuhanan ng tigtatlong nangungunang bidyu ayon sa krayterya na itinakda ng mananaliksik. Samakatuwid, ang nakitang angkop na teoryang magkukulong sa pananaw ng pag-aaral ay ang participatory culture ng araling-kultural, na nagbibigay katwiran na ang mga virtual assistant bilang tagagamit ng platapormang Tiktok ay may kakayahang gumawa ng kanilang mga salaysay at magbahagi sa mundo.

Mula sa mga nalikom na mga salaysay, nadalumat ang mga kwentong hustle culture, kolektibong naratibo ng mga VA hinggil sa hustle culture, representasyon ng hustle culture sa bansa, at maging sa estado ng mga Pilipinong VA sa kasalukuyang konteksto. Sa pamamagitan ng content analysis, sinuri ang mga bidyu mula sa kanilang caption, nilalaman ng bidyu o slideshow, mga teksto sa bidyu, espasyo at oras ng nilalaman. Mula rito, nakita ang apat na pangunahing temang parehong nagsasalaysay ng kanilang mga kwentong-danas sa hustle culture—ang pagpupunyagi, marangyang buhay, magandang disposisyon, at pagsubok sa buhay. Nahinuha na palaging kahalili nito ang pagiging masipag sa trabaho, na nagiging isang paunang kinakailangan para maisagawa nang mahusay ang pagiging virtual assistant nila. Ang pagtahak ng mga virtual assistant sa nasabing kultura ng pagtatrabaho ay pangunahing nakahugot mula sa konteksto ng pamilya, sariling mithiin, at pangunahing pangangailangan.

Pinalawak pa ang mga kwentong napalutang sa pangalawang layunin ng pag-aaral na sumasaklaw sa kolektibong naratibo ng mga VA hinggil sa mga salik at motibasyon ng pagdodoble-kayod. Isinagawa ang pagsusuri nito gamit ang pamamaraang narrative analysis, kung saan nahalaw ang malaking bahagi ng kompensasyon/ sahod, pamilya, oras para sa sarili, at kaunlaran sa aspetong materyal (tahanan). Mula rito, hinugot naman ang kabuuang representasyon ng hustle culture sa konteksto ng Pilipinong virtual assistant sa Pilipinas, gamit ang parehong mga bidyu ng VA sa Tiktok at isinagawang panayam ng pag-

aaral. Nahalaw ang limang pangunahing representasyon ng hustle culture na may kakayahang isabuhay ang mga Pilipinong VA sa aspetong trabaho at kompensasyong nakamit, kakayahang magpahalaga sa pamilyang Pilipino ng mga VA, kakayahang magsakatuparan ng kaunlaran sa aspetong materyal na posesyon, kakayahang magtawid ng oportunidad sa pag-iibayo ng trabaho, at kakayahang humubog sa work-life balance ng mga Pilipinong VA. Sa kasalukuyang estado ng mga Pilipinong virtual assistant sa Pilipinas, lumabas na sa kabila ng kasiyahang nakuha mula sa pagdodoble-kayod ng mga VA sa kanilang trabaho, patuloy pa rin silang nakakaranas ng kawalan ng seguridad buhat ng kakulangan na ibinigay na suporta ng gobyerno, kawalang katiyakan sa mga programa at batas para sa kanila, at kakulungan sa pagbibigay proteksyon sa kanila mula sa mga panggigipit sa trabaho gaya ng pang-i-scam ng mga kliyente o kumpanyang pinagtrabahuan—na isa sa mga inihaing rekomenda ng pag-aaral, ang maisulong ng maayos ang pagpapatupad ng mga programa't batas para mabatid ito ng mga Pilipinong VA.

## CONCLUSIONS AND RECOMMENDATIONS

Mula sa nagdaang mga diskusyon hinggil sa naratibo ng mga piling Pilipinong virtual assistant, nakitaan ito ng mga makabuluhang kaisipan at konsepto na nakatuon sa oryentasyong Pilipino. Bilang pagbibigay tugon sa layunin nitong pag-aaral, ikinulong ang konteksto ng hustle culture sa paniniwala, kasanayan at kultura ng mga Pilipino, lalo na ng mga manggagawang Pilipino mula sa digital na espasyo. Nadalumat sa pag-aaral na ang hustle culture ay isang kultura na nag-i-engganyo sa mga manggagawa upang magpursige sa kanilang trabaho— resulta nito ang positibo at negatibong implikasyon. Gayundin, sa palagay ng mga Pilipinong virtual assistant, nakitaan na malalim ang pagpapakahulugan sa konseptong hustle culture. Bagaman kalakip pa rin ang positibo at negatibong implikasyon ngunit ang mga ito ay may pinaghuhugutan. Nadalumat sa pag-aaral na ang hustle culture para sa mga virtual assistant ay isang paraan ng pag-i-engganyo (empowerment) para magsumikap sa trabaho at isang paraan ng kaligtasan (survival) para matustusan ang mga pangunahing pangangailangan.

Sa lente ng participatory culture, na teoryang pundasyon nitong pag-aaral, nahinuha na nagkakaroon ng pagkunsumo at pagbahagi ng mga kaisipan na nakapaloob sa kultura at produkto ng digitalization. Samakatuwid, ang mga Pilipinong virtual assistant ay maikokonsidera na mga hustler at tagakonsumo ng konseptong hustle culture, teknolohiya, at panibagong midya. Una, nadalumat na ang mga virtual assistant ay kumukunsumo sa konseptong hustle culture, naisasagawa nila ang mga gawain at kaisipan na bunga ng hustle culture— lantad ito sa kanilang paraan ng pagtatrabaho tulad na lamang ng pagtatrabaho kasabay ng pag-aaral at pagtatrabaho sa ibang trabaho. Buhat nito, dala ng kanilang pagsasagawa ng hustle culture, naibabahagi nila ang iba't ibang kwento at motibasyon na naibabahagi sa publiko. Kaugnay nito ay ang pangalawang paliwanag na ang mga virtual assistant ay kumukunsumo sa teknolohiya na kung saan ginagamit ang kakayahan ng teknolohiya upang maisakatuparan ang mga trabaho, bunga ng pagkunsumo ay ang produksyon ng serbisyo. Sa usapin naman ng

bagong midya, nadalumat na ang mga virtual assistant ay kumukunsumo rin ng TikTok—na isang halimbawa ng social media— subalit ang pagkonsumo na ito ay paraan upang ibahagi ang kanilang mga kwento, kalakip na rito ang mga kwento ng pagpupunyagi, kaunlaran, pagpapahalaga, at pagsubok. Mula rito, hinugot sa kanilang mga kwento ang kolektibong salaysay ng hustle culture na naka konteksto sa kanila mismong oryentasyon at konteksto na nakapaloob sa kasalukuyang kalakaran sa Pilipinas.

Bilang pagpapayabong pa ng pag-aaral sa hustle culture, (1) pangunahing inirekomenda para sa mga mananaliksik ng hinaharap ang pagtuon sa pag-aaral ng porma o form mismo ng Tiktok bilang isang plataporma ng midya na naglalahad ng iba't ibang salaysay mula sa mga hustler o mangangawang Pilipino na gumagamit nito. Sa pamamagitan nito, mabibigyan ng malawak na pagpapakahulugan ang konsepto ng hustle culture ayon sa formalistikong katangian na taglay ng bawat salaysay sa Tiktok—mula sa paghahabi ng mga salita, pagkakaorganisa ng mga ideya (simula, gitna, at huli), paglalahad ng mga larawan at senyas, at maging sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na nagpapakita ng iba't ibang mga pagpapahiwatig. Gayundin, (2) inirekomenda ng pag-aaral ang pagsisiyasat ng kontekstong hustle culture mula sa ibang larang ng trabaho na maaaring maglunsad ng kakaibang representasyon ng hustle culture na hindi lamang limitado sa mga manggagawang virtual assistant ng bansa. (3)

Inirekomenda rin ng pag-aaral ang pag-iimbestiga sa pagsasapraktika ng hustle culture mula sa kaso ng mga manggagawang Pilipino na nagkakaroon ng side hustle sa buhay-trabaho nila na maaaring maglahad ng kaibang kahinatnan at sa gayon, maaaring maglunsad ng kaibang implikasyon at representasyon ng hustle culture sa Pilipinas. Buhat ng mga natuklasang hamon at estado ng mga Pilipinong virtual assistant sa pag-aaral, higit na (4) inirekomenda ng pag-aaral para sa mga mananaliksik ng hinaharap ang pagpapatibay at pagsulong mismo sa mga batas at programa ng mga manggagawa sa online freelancing partikular ang virtual assistance bilang mga manggagawang may malaking kontribusyon sa gig economy ng Pilipinas. Maaaring maging basehan ang pag-aaral na ito para sa pagsasagawa at pagpapatibay ng mga batas na magbibigay ng sapat na proteksyon at benepisyo para sa mga manggagawa ng online freelancing

## IMPLICATIONS

Ipinakita ng pag-aaral na ang hustle culture ay hindi lamang isang trend sa modernong paraan ng pagtatrabaho ngunit isang anyo ng kultural na identidad ng mga Pilipinong manggagawa sa digital na espasyo. Ang patuloy na pagdodoble-kayod ng mga virtual assistant ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng kasipagan, determinasyon, at oryentasyong Pilipino sa pagpapahalaga sa pamilya at kabuhayan. Gayunpaman, malinaw din na ang hustle culture ay may dalawang representasyon—(1) bilang sandigan ng empowerment o kapangyarihan upang makaangat sa buhay, at (2) bilang manipestasyon ng kakulangan ng seguridad sa trabaho at benepisyo para sa mga manggagawang nasa gig economy.

Sa antas ng lipunan, ipinahihiwatig ng resulta na ang pagtaas ng bilang ng mga Pilipinong virtual assistant ay dapat sabayan ng mga polisiyang magtitiyak ng kanilang karapatan, benepisyo, at proteksyon laban sa mga mapagsamantalang kondisyon sa trabaho. Sa antas ng indibidwal, ipinapakita ng pag-aaral na ang labis na pagkapit sa hustle culture ay maaaring magdulot ng labis na pagkapagod, pagkawala ng oras sa sarili at pamilya, at pagkalimot sa hangganan ng produktibong pagtatrabaho.

Para sa larangan ng pananaliksik, nag-aambag ang pag-aaral sa pag-unawa sa kultura ng paggawa ng mga Pilipino sa digital na panahon, lalo na sa pag-usbong ng mga bagong anyo ng trabaho tulad ng online freelancing at virtual assistance. Nagbubukas din ito ng panibagong diskurso hinggil sa kung paano binabago ng teknolohiya at midya, tulad ng TikTok, ang paraan ng paglikha at pagbabahagi ng mga naratibong manggagawa. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na kailangang kilalanin ng lipunan, institusyon, at pamahalaan ang bagong mukha ng paggawa sa bansa—ang manggagawang Pilipinong hustler na patuloy na nagtataguyod ng buhay at dignidad sa kabila ng kawalang katiyakan sa digital na ekonomiya.

## ACKNOWLEDGEMENT

We would like to extend out gratitude to the Departamento ng Filipino at Panitikan, for expanding our point of views when it comes to research involvement in Filipino Literature . To the Mindanao State University- Iligan Institute of Technology (MSU-IIT) for leading our vision to be part of contribution as a leading Research University in the Philippines and to the World.

## FUNDING

The study did not receive funding from any institution.

## DECLARATIONS

### *Conflict of Interest Declaration*

The researchers declare that there are no conflicts of interest, whether personal, financial, or professional, that could have influenced the conduct, results, interpretation, or conclusions of this study. All data, analyses, and statements presented in the research titled “KAYOD PA MORE!: The Narrative of Hustle Culture among Selected Filipino Virtual Assistants on TikTok” were carried out with the highest standards of integrity, objectivity, and ethical research practice.

## *Ethical Considerations*

The researchers ensured that all procedures conducted in this study adhered to the ethical standards of social science research. All data were obtained from publicly available TikTok videos of Filipino virtual assistants and from voluntary participants in key informant interviews. Prior to each interview, participants were informed of the purpose of the study, their right to refuse or withdraw at any time, and the assurance that their identities and responses would remain confidential.

No participant was coerced, compensated, or deceived in any form. All information gathered was used solely for academic purposes and was not disclosed outside the context of this research. The researchers also strictly complied with the provisions of the Data Privacy Act of 2012 in handling and protecting all collected data.

## *Informed Consent*

Informed consent were secured from the participants.

## *Ethics Approval*

This study did not require formal ethics approval since it utilized publicly available TikTok videos and voluntary interviews with adult participants. All participants provided informed consent prior to the interviews. The research was conducted in accordance with recognized ethical standards for social science research and the provisions of the Data Privacy Act of 2012.

## REFERENCES


Aziz, S., Uhrich, B., Wuensch, K. L., & Swords, B. (2013). The Workaholism Analysis Questionnaire: Emphasizing work-life imbalance and addiction in the measurement of workaholism. *Journal of Behavioral and Applied Management*, *14*(2), 71-86.

Balkeran, A. (2020). *Hustle culture and the implications for our workforce.* Kinuha mula sa https://academicworks.cuny.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1100&context=bb_etds

Bhandari, P. (2020, June 19). *What is qualitative research? Methods & examples*. Scribbr. Kinuha mula sa https://www.scribbr.com/methodology/qualitative-research/

Calanas, A. (2023, May 22). *Interesting virtual assistant facts you should know in 2023. Outsourcing Angel: Outsource Virtual Assistants Philippines.* Kinuha mula sa https://outsourcingangel.com/interesting-virtual-assistant-facts-you-should-know-in-2023/#:~:text=2022%20(right).-

Casali, E. (2022). *Disrupting hustle culture: An explorative research project addressing the question, "what does it mean to be productive?"* Kinuha mula sa http://www.diva-portal.org/smash/record.jsf?pid=diva2%3A1663330&dswid=-3979

Chairunnisah, A., & Kurnia, L. (2023). Hustle culture in social media: Exploring the imagined success in the modern era. *Athena Journal of Social Culture and Society, 1*(4), 180–191. Kinuha mula sa https://doi.org/10.58905/athena.v1i4.151

D'souza, D. (2024, February 15). *TikTok: What it is, how it works, and why it's popular*. Investopedia. Kinuha mula sa https://www.investopedia.com/what-is-tiktok-4588933

Earthy, S., & Cronin, A. (2008). *Narrative analysis*. Kinuha mula sa https://openresearch.surrey.ac.uk/esploro/fulltext/bookChapter/Narrative-Analysis/99513072602346?repId=12139034120002346&mId=13140210750002346&institution=44SUR_INST

Felipe, J., Sawada, Y., Estrada, G. B., & Bajaro, D. F. (2019). Why do Filipinos desire to work more hours? *SSRN Electronic Journal*. Kinuha mula sa https://doi.org/10.2139/ssrn.3480945

Hsieh, H. F., & Shannon, S. E. (2005). Three approaches to qualitative content analysis. *Qualitative Health Research, 15*(9), 1277–1288. Kinuha mula sa https://doi.org/10.1177/1049732305276687

Jenkins, H. (2019). *Participatory culture: Interviews*. In Google Books. John Wiley & Sons. Kinuha mula sa https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=LBy3DwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PT4&dq=participatory+culture&ots=VQNyt3hq0I&sig=MrRIHzIDTrakT588oecHh47vmHc&redir_esc=y#v=onepage&q=participatory% 20culture&f=false

Jones, P., & Muldoon, J. (2022). *Rise and grind: Microwork and hustle culture in the UK*. Autonomy. Kinuha mula sa https://autonomy.work/wpcontent/uploads/2022/06/riseandgrind11.pdf

Lutfiputri, N. F. (2022). Meme as a tool for resistance towards hustle culture: A critical discourse analysis. *Ultimacomm: Jurnal Ilmu Komunikasi, 14*(2), 175–190. Kinuha mula sa https://doi.org/10.31937/ultimacomm.v14i2.2706

Maharani, A. P., Martono, N., & Rizkidarajat, W. (2024). The behavior of hustle culture among students in faculty of social and political science jenderal soedirman university. *International Journal of Multidisciplinary Sciences, 2*(1), 24–36. Kinuha mula sa https://doi.org/10.37329/ijms.v2i1.2796

Mia, I. B., & Habaradas, R. (2020). THE GIG ECONOMY: Overview and prospects for the Philippines. *Center for Business Research and Development, 8*(3). Kinuha mula sa https://animorepository.dlsu.edu.ph/res_cbrd/6/

Munro, M.-M. (2022). All work and no play makes tiktok a dull platform: The influence of tiktok's "hustle culture" on productivity in the digital age. *Intersect: The Stanford Journal of Science, Technology, and Society, 16*(1). Kinuha mula sa https://ojs.stanford.edu/ojs/index.php/intersect/article/view/2309

Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology, 3*(1), 49–71. https://doi.org/10.1111/1467-839X.00054

Schoch, K. (2020). *Case Study Research*. In G. J. Burkholder, et al. (Eds.), Research Design and Methods: An Applied Guide for the Scholar-Practitioner (pp. 245-258). SAGE Publications, Inc.
https://www.researchgate.net/profile/Subhash-Basu-3/post/How_do_i_determine_the_sample_size_for_a_study_looking_at_the_treatment_outcomes_of_mental_health_patients_in_a_community_house/attachment/5ebbae3eead4db0001551c21/AS:890646755811328@1589358142328/download/105275_book_item_105275.pdf

Storey, J. (2015). *Cultural theory and popular culture*. Routledge. Kinuha mula sa https://doi.org/10.4324/9781315744148

Sutherland, W., Jarrahi, M. H., Dunn, M., & Nelson, S. B. (2019). Work precarity and gig literacies in online freelancing. *Work, Employment and Society, 34*(3), 095001701988651. Kinuha mula sa https://doi.org/10.1177/0950017019886511

Ulfah, M. N., & Nurdin, M. F. (2022). Hustle culture: A new face of slavery. *Aliansi : Jurnal Politik, Keamanan Dan Hubungan Internasional, 0*, 226–233. Kinuha mula sa https://doi.org/10.24198/aliansi.v0i0.43120

Williams, R. (1950). *Moodle USP: e-Disciplinas*. Kinuha mula sa https://edisciplinas.usp.br/pluginfile.php/4608772/mod_resource/content/1/CULTURE%20AND%20SOCIETY%20-%20R.%20WILLIAMS.pdf

Woodcock, J., & Graham, M. (2020). *The gig economy : A critical introduction* (pp. 12–15). Polity. Kinuha mula sa http://acdc2007.free.fr/woodcock2020.pdf (Original work published 2019)

Yin, T. S., & Xuan, K. W. (2023). *Hustle culture: The perceptions & reactions of young Singaporean millennials*. Kinuha mula sa https://bpb-us-e1.wpmucdn.com/blogs.ntu.edu.sg/dist/f/2812/files/2023/07/1.-Hustle-Culture-Tang-Sze-Yin-and-Koa-Wei-Xuan.pdf

Yuningsih, Mardiana, N., Jima, H., & Prasetya, M. D. (2023, May 2). The effect of hustle culture on psychological distress with self compassion as moderating variable. In *Proceedings of the 3rd Universitas Lampung International Conference on Social Sciences* (ULICoSS 2022). Kinuha mula sa https://www.atlantis-press.com/proceedings/ulicoss-22/125986422

Yuningsih, & Prasetya, M. D. (2022, April 20). Technology makes hustle culture still happened in pandemic COVID-19. In *Proceedings of the 4th International Conference of Economics, Business, and Entrepreneurship*. Kinuha mula sa http://dx.doi.org/10.4108/eai.7-10-2021.2316240

## Author's Biography

### Alney R. Ardonia

Nagtapos ng digring Batsilyer ng Sining sa Panitikan (Magna CumLaude) noong 2024. Tinapos niya ang elementarya sa Iligan City East Central School (Tambo Central School). Ang kanyang sekondarya at senior high naman ay parehong tinapos sa paaralang Iligan

City East National High School-Sta. Filomena sa ilalim ng kurikulum na Science, Technology, Engineering, and Mathematics at nagtapos bilang With Honors at Best in Research awardee.

**Thea Gail P. Pacaldo**

Nagtapos ng digring Batsilyer ng Sining sa Panitikan (Magna CumLaude) noong 2024. Tinapos niya ang elementarya sa Iligan City Central School. Ang kanyang sekondarya at senior high naman ay parehong tinapos sa La Salle Academy- Iligan sa ilalim ng kurikulum na Humanities and Social Sciences at nagtapos bilang With Honors.

**Loi Vincent C. Deriada, MA**

Nagtapos ng Master of Arts in Filipino (2021) at Bachelor of Arts in Filipino (2017) bilang Cum Laude sa MSU-IIT. Kasalukuyang guro sa Departamento ng Filipino at Panitikan. Ang kanyang larang sa pagtuturo ay nakasentro sa malikhaing pagsulat, pamamahayag at mga panunuring pampanitikan sentro sa usapin ng karapatang pantao.